



Pagsasalita ng mga bata mula sa edad na mga anim na buwan

Kaunting impormasyon tungkol sa pagsasalita ng iyong anak mula sa edad na anim na buwang gulang

- Maraming matutuklasan sa mundo ang iyong anak! Pansinin kung ano ang tinitingnan ng iyong anak at magbigay ng salita para rito. Tuklasin nang magkasama ang lahat ng kapana-panabik, malaki at maliit!
- Nakikipag-usap na sa iyo ang iyong anak ngayon sa pamamagitan ng ekspresyon ng mukha, mga tunog at pagkilos. Malapit na ring magdada ang iyong anak at gumawa ng mga tunog na katulad ng mga salita, tulad ng da-da at ta-ta.
- Unti-unti nang magsisimulang maunawaan ng iyong anak ang mga pagsasabi na gaya ng tingin ka sa akin, at mga salitang gaya ng mummy at daddy.
- Gustong-gustong makipag-usap sa iyo ng iyong anak, makipaglaro ng peek-a-boo, at sumali sa mga simpleng larong tulad ng Incy Wincy Spider at Pat-a-Cake.

Makipag-usap sa kahit anong bagay

Makipag-usap sa iyong anak tungkol sa mga nangyari, at mga nakakakuha ng interes ng iyong anak. Makipag-usap tungkol sa pagkain, mga damit, at mga nakikita mo, at kung ano ang ginagawa ng bata. Aktibong pakinggan ang iyong anak, para patuloy na makipag-usap ang bata. Bigyan siya ng sapat na panahon!

Iba-ibahin at ulitin

Ulitin ang mga tunog ng bata, hulaan kung ano ang ibig sabihinin nito, at lagyan ng salita ang mga ito. Hintaying sumagot ang iyong anak gamit ang kanilang salita o kilos bago magpatuloy. Natututo na ang iyong anak na sumagot, at maunawaan ang kaugnayan ng salita sa bagay.

Maglaro na may kasamang salita

Kumanta, humimig, at humimig at maglaro ng mga kantang larong. Gamitin ang mga daliri sa kamay at paa, sumipol at humimig at magbiro! Mayroong mga libro, kanta at musika na pwede mong hiram sa library

Magsalita-magbasa nang magkasama

Kapag kaya nang sundan ng iyong anak ang tinitingnan at ang direksyong tinuturo mo, isang kasiya-siyang bagong laruan ang picture book. Ituro at pag-usapan ang tungkol sa mga larawan. Bigyang-pansin kung saan interesado ang iyong anak. Hindi nagtatagal ang interes nila sa isang bagay, ngunit unit-unit madadagdagan ang kakayahang magpokus ng iyong anak.


Salitain ang iyong katutubong wika

Magsalita, umawit at magbasa sa iyong katutubong wika. Karamihan ng mga bata sa mundong ito ay nakatira sa kapaligirang may iba't ibang wika, at ang lumaki sa may higit sa isang wika ay nagdadala ng mga pakinabang.

Alamin ang higit pa

- Basahin ang higit pa tungkol sa Bokstart dito: www.bokstart.se
- Kung nag-aalala ka tungkol sa pag-develop ng pagsasalita ng yong anak, makipag-usap sa center ng pangangalaga ng bata. Pwede mo ring ipakipag-usap ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong anak sa kawani ng pre-school.

Binigyan ng atas ng pamahalaan ang Swedish Arts Council upang isulong ang pagbabasa at pasiglahin ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong batang anak. Ang Bokstart ay isang pambansang inisyatibo upang tulungan ang mga magulang at adultong malapit sa mga bata.



Pagsasalita ng mga bata mula sa edad na mga isang taon

Kaunting impormasyon tungkol sa pagsasalita ng iyong anak mula sa edad na isang taong gulang

- Gumagamit ang iyong anak ng mga kilos at tunog para sabihin sa iyo ang isang bagay.
- Ang mga unang salita ay tungkol sa dito at ngayon, tulad ng bola, teddy bear at hitsura.
- Ang iyong anak ay nakakaunawa ng higit pang mga salita kaysa sa kanyang naipapahayag, ngunit nangangailangan ng iyong tulong upang bigyang-kahulugan at magkomento.

Sundin ang interes ng iyong anak

Magagamit mo ang lahat ng nakikita mo sa iyong pang-araw-araw na buhay para ma-develop ang pagsasalita ng iyong anak. Lagyan ng mga salita kung ano ang naobserbahan ng iyong anak ngayon. Kapag sinabi ng iyong anak na dah, at itinuro ang isang pusa, maaari mong sabihin: Oo, pusa ‘yan. Gusto mo ba ang pusa? Siguraduhing hintayin na tumugon ang iyong anak.

Bigyang-pansin at makinig

Kapag binigyan mo ang iyong anak ng iyong buong atensyon at nakinig nang mabuti, mararamdaman ng bata na sa palagay mo ay mahalaga ang mensahe, kung ang bata ay bumibigkas ng isang salita, itinuturo ang isang bagay, o kung hindi man ay may sinusubukang sabihin sa iyo. Mula sa iyong tugon, natututo ang bata kung paano sumagot kapag kayo ay nag-uusap.

Maglaro na may kasamang salita

Kumanta, humimig, at humimig at maglaro ng mga kantang laro. Gamitin ang mga daliri sa kamay at paa, sumipol at humimig at magbiro!

Gumawa ng mga bagay at magkwento

Sabihin sa iyong anak kung ano ang ginagawa ng kanyang oso, o kung saan patungo ang bus sa labas. Pag-usapan ang mga larawan ng mga kamag-anak at kaibigan. Kailangang marinig ng iyong anak ang mga bagong salita nang paulit-ulit, sa iba’t ibang konteksto.

Magbasa ng mga simpleng picture book

Maaari mo na ngayong simulan ang paggamit ng mga picture book. Para magsimula, tumingin ka sa mga larawan at ituro ang mga bagay nang magkasama. Sa una, mas madaling magkuwento, ngunit unti-unting nakikinig ang bata sa teksto sa libro. Maaaring magpayo ang iyong library kung anong mga libro ang maaari mong hiram.

Salitain ang iyong katutubong wika

Magsalita, umawit at magbasa sa iyong katutubong wika. Karamihan ng mga bata sa mundong ito ay nakatira sa kapaligirang may iba’t ibang wika, at ang lumaki sa may higit sa isang wika ay nagdadala ng mga pakinabang.

Alamin ang higit pa

- Basahin ang higit pa tungkol sa Bokstart dito: www.bokstart.se
- Kung nag-aalala ka tungkol sa pag-develop ng pagsasalita ng yong anak, makipag-usap sa center ng pangangalaga ng bata. Pwede mo ring ipakipag-usap ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong anak sa kawani ng pre-school.

Binigyan ng atas ng pamahalaan ang Swedish Arts Council upang isulong ang pagbabasa at pasiglahin ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong batang anak. Ang Bokstart ay isang pambansang inisyatibo upang tulungan ang mga magulang at adultong malapit sa mga bata.



Pagsasalita ng mga bata mula sa humigit- kumulang 18 buwan

Kaunting impormasyon tungkol sa pagsasalita ng iyong anak mula sa edad na 18 buwan

- Maraming bata sa edad na ito ang nakakaintindi ng humigit-kumulang 200 na pang-araw-araw na salita
- Gumagamit mismo ang mga bata ng ilang mga salita, ngunit ang mga salita ay maaaring magkaibang kahulugan sa iba't ibang konteksto.
- Maraming bata ang nagsimulang bumuo ng mga salita, halimbawa, mummy car (kotse ni nanay) o doggy there (aso doon).

Palaging makipag-usap sa isa't isa

Pag-usapan kung ano ang iyong ginagawa sa iba't ibang sitwasyon. Sabihin sa iyong anak kung ano ang mangyayari, at sabihin kung ano ang iyong ginagawa. Makinig nang mabuti sa iniisip at nararamdaman ng iyong anak. Bigyan ang iyong anak ng maraming oras.

Sumang-ayon at i-develop ang sinasabi ng bata

Sa pamamagitan ng paggamit ng sariling mga salita ng iyong anak at pagdaragdag ng mga bago, tinutulungan mo ang iyong anak na bumuo ng kanyang pagsasalita. Kung sasabihin ng anak mo ang «yum-yum», maaari mong sabihin: Oo, pagkain 'yan, at kakain na tayo ngayon. Hindi karaniwan para sa isang bata sa ganitong edad na magsabi ng tat sa halip na cat (pusa). Huwag itama ang bata, ngunit gamitin ang salitang pusa - maririnig ng iyong anak kung paano ito dapat tumunog.

Kumonekta sa sariling mundo ng bata

Mas madali para sa bata na matuto ng mga bagong bagay kung ikokonekta mo sa isang bagay na pamilyar na sa bata. Kung makakita ka ng larawan ng isang pares ng pantalon, maaari mong ituro ang sariling pantalon ng bata at sabihin: May pantalon ka rin, tulad ng bata sa libro.

Magsalita-magbasa nang magkasama

Masisiyahan na ang bata sa maraming iba't ibang mga libro, na maaari ninyong pag-usapan nang magkasama. Magtanong ng tungkol sa kung ano ang nangyayari sa mga libro, at kumonekta sa kung ano ang nararanasan ng bata: Ano sa tingin mo...? Naaalala mo ba...?

Salitain ang iyong katutubong wika


Magsalita, umawit at magbasa sa iyong katutubong wika. Karamihan ng mga bata sa mundong ito ay nakatira sa kapaligirang may iba't ibang wika, at ang lumaki sa may higit sa isang wika ay nagdadala ng mga pakinabang.

Alamin ang higit pa

- Basahin ang higit pa tungkol sa Bokstart dito: www.bokstart.se
- Kung nag-aalala ka tungkol sa pag-develop ng pagsasalita ng yong anak, makipag-usap sa center ng pangangalaga ng bata. Pwede mo ring ipakipag-usap ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong anak sa kawani ng pre-school.

Binigyan ng atas ng pamahalaan ang Swedish Arts Council upang isulong ang pagbabasa at pasiglahin ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong batang anak. Ang Bokstart ay isang pambansang inisyatibo upang tulungan ang mga magulang at adultong malapit sa mga bata.

Bokstart



Pagsasalita ng mga bata mula sa humigit-kumulang tatlong taon

Kaunting impormasyon tungkol sa pagsasalita ng iyong anak mula sa edad na tatlong taon

- Maraming mga bata ngayon ang nakakaunawa ng ilang daang salita. Iniuugnay nila ang mga salita sa mga kahulugan, at nagsisimulang gumawa ng mga maikling pag-uusap.
- Maraming mga tanong ang mga bata, at nagsisimulang mawawala kung paano gamitin ang mga salita at na maaari nilang paglaruan ang mga ito.
- Nagsisimulang magsalita ang iyong anak tungkol sa mga bagay na kinasasangkutan niya, at nasisiyahan siyang makinig sa iyo habang nagsasalita ka.

Tuklasin ang mga letra at salita

Sa pre-school na edad, maraming bata ang interesado sa mga letra at salita. Basahin at ituro ang mga karatula at packaging sa tuwing nagpapakita ng interes ang iyong anak. Tuklasin din ang mga karatula at simbolo sa paligid mo, at pag-usapan kung ano ang ibig sabihin ng mga ito.

Ipaliwanag ang mga bagong salita

Magandang ideya na gumamit ng mga bagong salita upang ilarawan kung ano ang nangyayari at kung ano ang nakikita mo sa iyong pang-araw-araw na buhay. Ipaliwanag ang mga salitang hindi naiintindihan ng iyong anak: ang dagat ay isang uri ng lawa, ngunit mas malaki. O kaya: kapag pumunta tayo sa beach, naliligo tayo sa dagat.

Makipag-usap

Pag-usapan ang nangyari sa buong araw. I-follow up ang isang bagay na narinig mo o nakita mong ginagawa ng bata sa pre-school, at anyayahan ang iyong anak na magsabi pa.

Karamihan sa mga tatlong taong gulang ay hindi binibigkas ang lahat ng mga salita tulad ng ginagawa nating mga matatanda. Kapag may narinig kang salita na iba ang tunog, maaari mo itong bigkasin ng tama, para unti-unting matututo ang bata kung paano ito bigkasin nang tama.

Magbasa nang sabay

Ugaliing magbasa ng kaunti araw-araw. Maraming mga bata ang may paboritong libro, na gusto nilang basahin nang paulit-ulit. Sa mga araw na ito ang mga picture book ay naglalaman ng mas kumplikadong mga kuwento, ngunit ang talk-reading (pagbigkas ng binabasa) parin ang mahalaga.

Anyayahan ang iyong anak na makipag-usap sa kung tungkol saan ang libro, at hikayatin siyang magtanong paminsan-minsan. Sa tuwing magtatanong ang iyong anak, huminto, makinig at sabay na mag-isip.

Tandaan na ang paglalaro ay kung paano natututo ang mga bata. Kaya sabay na maglaro, magbasa, kumanta at mag-usap. Masaya pa rin ang mga tula, awit at kanta. Ang pagbabasa ng mga libro ay ang pinakamahusay na paraan ng pag-aaral ng mga bagong salita!

Salitain ang iyong katutubong wika

Magsalita, umawit at magbasa sa iyong katutubong wika. Karamihan ng mga bata sa mundong ito ay nakatira sa kapaligirang may iba't ibang wika, at ang lumaki sa may higit sa isang wika ay nagdadala ng mga pakinabang.

Alamin ang higit pa

- Basahin ang higit pa tungkol sa Bokstart dito: www.bokstart.se
- Kung nag-aalala ka tungkol sa pag-develop ng pagsasalita ng yong anak, makipag-usap sa center ng pangangalaga ng bata. Pwede mo ring ipakipag-usap ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong anak sa kawani ng pre-school.

Binigyan ng atas ng pamahalaan ang Swedish Arts Council upang isulong ang pagbabasa at pasiglahin ang pag-develop ng pagsasalita ng iyong batang anak. Ang Bokstart ay isang pambansang inisyatibo upang tulungan ang mga magulang at adultong malapit sa mga bata.

Bokstart